



**PAGTALUNTON SA PAPEL NG KOLEHIYO NG STA.  
ESKOLASTIKA, MAYNILA SA PAGPAPAUNLAD NG  
KALAGAYAN NG MGA KABABAIHAN SA LIPUNAN: ISANG  
PAG-AARAL SA MGA PANININDIGAN NG PAARALAN  
HINGGIL SA MGA ISYUNG PANGKABABAIHAN AT  
PANLIPUNAN**

Romero, Carlo Angelino M.  
Departamento ng Filipino  
De La Salle University  
carlo\_romero@dlsu.edu.ph

Castronero, Sharon Joy T.  
Departamento ng Filipino  
De La Salle University  
sharon\_castronero@dlsu.edu.ph

**Abstrak:** Taong 2016, ipinagdiwang ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila ang ikaisandaan at sampung taong anibersaryo nito bilang isang institusyong nakatuon sa paglilingkod sa Panginoon. Isinusulong nito ang kahusayan sa iba't ibang larangan partikular sa edukasyon na magagamit ng mga mag-aaral na kanilang hinuhubog upang maging Tagapagtaguyod ng Panlipunang Pagbabago ayon sa mga aral nina San Benito at Sta. Eskolastika, bilang gabay upang maisakatuparan ang mga mithiing nabanggit. Kaakibat ng ganitong oryentasyon na may malaking tuon sa pagkakaroon ng responsibilidad sa bayan, kilala ito sa pagkakaroon ng tinig at tindig sa mga isyung panlipunan bilang pagpapakita ng malasakit sa bayan at pagpapatunay na nararapat pakinggan ang boses ng mga kababaihan sa lipunang nakakulong pa rin sa paniniwalang patriyarkal.

Tinalunton o minapa ng pananaliksik na ito ang papel ng paaralan sa pagpapataas ng kamalayang panlipunan at ang mga ambag nito sa pagpapaunlad ng kalagayan ng mga kababaihan. Kinapanayam ang ilang mga personalidad sa likod ng adbokasiya ng paaralan pati na rin ang mga produkto nito na naglilingkod at patuloy pa ring naglilingkod sa kanilang minamahal na alma mater at ang mga kadahilanan ng kanilang pagbalik at pananatili rito.

Sinuri ng mga mananaliksik ang kanilang mga tugon sa pamamagitan ng mga simulain ng teoryang Feminismo at Sosyolohikal upang makita ang

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



kahalagahan ng pananaliksik na ito sa pagbibigay ng ideya sa mga kabataan o sino man na maaaring maging bahagi nito at ang iba't ibang sektor ng lipunan na nagtataguyod ng mga karapatang pangkababaihan upang malinawan sa mga paninindigan ng institusyon para sa pagbabago.

Mga Susing Salita: Kahusayan, Adbokasiya, Kababaihan, Feminismo, at Sosyolohikal

## 1. PANIMULA

Tinatawag na patriyarkal ang isang lipunan na pinananaigan ng mga kalalakihan at matriyarkal naman kung dominante ang hanay ng mga kababaihan. Sa lipunang ating ginagalawan, kitang-kita ang kasariang nanaig at iyon ang mga lalaki na kailanman ay hindi umano mapapantayan ng mga babae dahil sa ilang mga sumusunod na kadahilanan na inilahad Stearman (2004). Binanggit niya sa kanyang aklat na *Ideas of the Modern World-Feminism* na malaki ang pagkakaiba ng babae sa lalaki dahil sa aspekto ng konsepto ng katawan at banggitin pa ang kontrobersyal na paggamit ng isipan na sa magkaibang paraan gumagana. Masalimuot humanap ng isang lipunang may patas na pagtingin sa dalawang kasariang nabanggit kahit pa malaki na ang naging pagbabago ng panahon. Higit na prominente ang mga lalaking nagmamay-ari ng mga lupain, nakatatanggap ng maganda at dekalidad na edukasyon, nakahahapan ng disenteng hanap-buhay at nabibigyan ng pagkakataon na kumita, at higit sa lahat, nagkakaroon ng boses kung paano patatakbuhan o pamamahalaan ang lipunang kanilang kinabibilangan.

Maraming mga kwento at mga kaso ang naitatala hinggil sa mga pang-aabuso at pang-aalipusta sa mga kababaihan bilang sila ang pinaniniwalaang minoritya, at pangalawang uri ng mamamayan o '*second class citizen*'. Ayon kina Kesselman, McNair, at Schneidewind (2003), may pagkakaparepareho ang pinagdadaanan ng mga babae anumang lahi ang kanilang kabilangan. Nagkakaroon at patuloy na tinatangkilik ang dominanteng ideya ukol sa mga kababaihan dahil sa mga naitanim na sa ating isipan na estereotipong pagtingin natin sa kasariang ito. Binanggit pa ng mga awtor ang ilang mga mitolohiya at katotohanan sa mga gampanin ng kababaihan sa lipunan na nakabatay rin sa kanilang lahi bilang mag-aaral, empleyado, maybahay, at politiko. Pinaniniwalaan na ang mga kababaihan ay walang magagawa upang mapataas ang kanilang kalagayan lalo't higit ito'y nakasalalay sa mga naghaharing uri.



Bagaman ang dalawang sangguniang nabanggit ay kapwa mula sa ibayong dagat, makikita rin ang pagkakatulad ng kalagayan at karanasang dinaranas ng mga kababaihan sa ating bansa. Dahil sa mga nabanggit na paniniwala na patuloy pa ring pumapaimbabaw sa atin, nilalayon ng pag-aaral na ito na matalunton o maimapa ang papel ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila na isang eksklusibong paaralan para sa mga kababaihan sa Elementarya at Sekundarya sa pagpapaunlad ng kalagayan ng mga kababaihan sa lipunan batay sa kanilang adbokasiya at mga paniniwala sa paggabay nina San Benito at Sta. Eskolastika. Minabuti ng mga mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral na may layuning masagot ang mga katanungang: 1) Ano ang konsepto ng Benediktinang Edukasyon?; 2) Bakit iminumulat ang mga kababaihang mag-aaral upang maging Tagapagtaguyod ng Panlipunang Pagbabago o *'Agents of Social Transformation'*?; 3) Paano ipinamulat ng paaralang Sta. Eskolastika ang kahalagahan ng kamulang panlipunan o *'social awareness'* at katayuan ng kababaihan sa lipunan?; 4) Ano ang naging anyo ng isang babae sa mata ng isang Iskolastikan?; 5) Ano ang naging ambag ng paaralan sa iyong mga paniniwala at paninindigan?

Napili ng mga mananaliksik ang Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila bilang pangunahing paghahanguan ng mga impormasyon o datos upang maisakatuparan ang pag-aaral sapagkat sila'y mga guro sa Mataas na Paaralan ng nabanggit na institusyon at kilala ito sa pagkakaroon ng tindig sa bawat isyung panlipunan partikular ang mga nakaaapekto o may kinalaman sa kalagayan ng mga kababaihan kung saan kabilang sa parehong kasarian ang mga mag-aaral na hinuhubog upang magkaroon ng malasakit sa bayan.

### 1.1 Kasaysayan ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila- Pilipinas

Batay sa isang artikulo mula sa isang magasin na pinamagatang St. Scholastica's College- 100 years of Scholastic Education (2005), isang pahayagan na may pamagat na St. Scholastica's College, Manila- excellence as our Benedictine Service to the Community (2005, December 2), at aklat na Daughters True 100 Years of Scholastic Education (2006), ang 2560 Daang Leon Guinto, Malate, Maynila- ang eksaktong pook na kinatitirikan ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila o higit na kilala bilang St. *Scholastica's College, Manila* o SSC kung paiikliin. Itinaguyod ang nabanggit na institusyon noong ikatatlo (3) ng Disyembre taong labingsiyam at anim (1906) sa Daang Moriones sa Tondo, Maynila ng apat na madreng Aleman sa pangunguna ni Sr. Ferdinanda Hoelzer, OSB (*Order of Saint Benedict* o Orden ni San Benito). Sa pagtutungo nila rito, nag-alab ang kanilang layunin na palaganapin ang Kristiyanismo at nabinyagan nga ang karamihan sa mga Pilipino partikular ang mga bata o kabataan. Sa pamamagitan ng kanilang tiyaga at pagsisikap, naisakatuparan nila ang kanilang adbokasiya na pagbibigay

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



ng edukasyon para sa mga kabataan na isinasaalang-alang ang kalidad at kahusayan. Ang adbokasyang ito ng institusyon ang naging dahilan sa pagdami o paglobo ng mga kabataang nagnanais na makamit ang Benediktinang Edukasyon. Sa lalong lumalaking bilang ng populasyon ng mga mag-aaral, minabuti ng mga madreng namamahala rito na lumipat mula sa Tondo patungo sa isang mas malaking lugar ng San Marcelino noong taong 1907 upang mabigyan ng sapat na espasyo ang mga mag-aaral ng mataas na paaralan o hayskul at ilan pang mga mag-aaral na sa eskwela mismo naninirahan o *student boarders*. Sa pangyayaring ito, binigyan ng pamahalaan ng opisyal na ngalan na ginagamit nito hanggang sa kasalukuyan. Dahil dito, lalong umigting ang mithiin ng kamadrehan hinggil sa pagbibigay ng edukasyon sa mga kabataan partikular sa mga kababaihan na binibigyang pagpapahalaga ang mga pagbabagong naganap sa sitwasyon ng Pilipinas.

Sa nagdaang tatlumpung (30) taon ng kolehiyo, nagtalaga ng opisyal na directress sa katauhan ni Sr. Wilibalda Shrader, OSB upang higit na matamo ang mataas na pamantayan ng pagbibigay ng edukasyon.

Naging daan din ang isang mahusay at tanyag na manunugtong ng piyano noong kanyang kabataan bago siya pumasok ng kumbento, siya'y si Sr. Baptista Battig, OSB sa pagbubukas ng Konserbatoryo ng Musika noong taong isanlibo at pito (1907). Ito ang simula ng isang pagtingin sa bagong perspektibo sa pangunguna sa larangan ng Edukasyong nakatuon sa Musika sa Pilipinas.

Taong labing-siyam labing-apat (1914), muling nagkaroon ng paglipat ang paaralan sa isang higit na malaking kampus sa Singalong na ngayo'y kasalakuyang kinalalagyan ng kolehiyo. Sa pagtingin sa mas malawak na pangangailangan sa progresibong edukasyon para sa mga kababaihan, nagkamit ng mga madre ang pagkilala mula sa pamahalaan bilang isang institusyon ng mataas na pagkatuto at kanilang nakapagtapos ang unang pangkat ng Kolehiyo noong taong labing siyam dalawampu't tatlo (1923).

Sa lahat ng mga pangyayaring ito, idineklara ng mga madreng Benediktina ang kanilang paninindigan sa pagkakaroon o pagbibigay ng Edukasyon para sa Hustisya at Pagbabagong Panlipunan sa pamamagitan ng malinaw na pagbibigay-depinisyon sa pahayag na ang institusyon ay isang Paaralang may Kamulatan sa Lipunan o *Socially Oriented School*. Niyakap ang temang Edukasyon para sa Hustisya upang muling balikan at pag-aralan ang mga umiiral na programa at kurikulum nito. Ang paninindigang ito ay nanatili at patuloy na nagagamit sa mga kali-kaliwang pangangailangan ng nagababagong panahon.

Maliban sa mga nabanggit na sangay na binuksan para sa lalong pagpapalawak na sakop ng institusyon, patuloy pa rin ang mga pagbabagong naganap para sa higit na pagsasakatuparan ng mithiin ng paaralan ng pagkakaroon ng malasakit sa kapwa kung kaya't binuo at binuksan ang Sentro ng Panlipunang Pagkilos o *Social Action Center* na maaaring lahukan ng mga mag-aaral na hinuhubog upang maging mulat at magkaroon ng puso para sa mga nasalanta ng bagyo at iba pang kalamidad na ipinakikita ang haplos ng pakikisimpatya ng mga kababaihan sa kanilang kapwa. Nagkaroon ng ebolusyon ang



programang ito kung saan nagkaroon ng isang taong paglilingkod na programa ang mga nagsipagtapos (*graduates*) upang maglingkod sa mga paaralan sa mga lalawigan na kalauna'y humantong sa Programang Benediktinang Pagboboluntaryo upang buksan ang pinto ng pagkukusa sa mga nagsipagtapos na mag-aaral mula sa iba't ibang paaralan.

Bilang isang institusyong pinangunahang itaguyod ng mga kababaihan, ipinakilala at isinama ang mga programang nagmumulat sa mga kalagayan ng mga kababaihan partikular ang ilang mga suliraning kanilang kinahaharap bilang bahagi ng akademikong programa sa kolehiyo tulad ng panimulang kurso sa Araling Pangkababaihan; itinatag din ang Instituto ng Araling Pangkababaihan bilang pagpapatatag ng paninindigan ng paaralan sa pag-aangat ng kalagayan ng mga kababaihan sa lipunan.

Sa patuloy na pagpapanatili ng magandang reputasyon bilang isang paaralang may mataas na pamantayan, makikita ang paggawad ng akreditasyon at buong pagsasarili ng ilang mga tanyag na samahan tulad ng *Philippine Accrediting Association of Schools, Colleges, and Universities* o PAASCU at *Commission on Higher Education* o CHED.

## 1.2. Bisyon, Misyon, at Layunin ng Institusyon

### **Bisyon**

Isinasaad ng bisyon ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila mula sa Student Parent Handbook (2014), ang pagtingin sa pagkakaroon ng kaganapan ng babae at lalaking Iskolastikan na may katangi-tanging karakter at integridad, nagtataglay ng Pagpapahalaga bilang isang Pilipino, Kristiyano, at Benediktina na isinasabuhay ang *ORA et LABORA* o panalangin at paggaawa. May matinding pagnanais na maglingkod at manindigan sa katotohanan at hustisya upang maisakatuparan ang kinakailangang pagbabago sa lipunan.

Inaasahan din na ang mga mag-aaral na magtatapos o nakapagtapos sa kolehiyong ito ay nakauunawa sa mga pagbabago, nailalapat sa tunay na mga hamon ng buhay ang mga napag-aralan, kayang makipagsabayan sa kanino man sa anumang laranagan at tinatanggap ang buhay sa kabuuan.

### **Misyon**

Misyon ng paaralan na maging isang Katolikong Benediktinang institusyon na nagtataguyod ng edukasyon para sa mga kabataang kababaihan para sa pagbibigay ng pangkalahatang paghuhubog na nakabatay sa kahusayang pang-akademiko upang magkaroon ng kritikal na pag-iisip at kamulatan bilang mga maaasahang tagapagtaguyod ng pagbabago para sa minimithing maayos at patas na lipunan.

### **Layunin**

Katangi-tangi ang institusyon ng Sta. Eskolastika dahil sa mga layunin nito kung saan, isinasaad na ang sino mang bahagi nito ay nararapat na may kakayahang talakayin ang mga napapanhahong pangyayari sa lipunan sa aspektong pulitikal, sosyo-kultural at pangkapaligirang kalagayan ng Pilipinas sa kabuuan. Upang maisakatuparan ito, inaasahang ang lahat ay makikibahagi sa pakikisalamuha at pakikipagtulungan sa mga kapos-palad upang lubusang maunawaan ang kanilang kalagayan.

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



Inaasahan ding ang mga isinasagawang gawaing nakabatay sa mga akademikong usapin at iba pang karagdagang gawain ay makapagmumulat sa kalagayan ng lipunan at kung maaari'y makilahok sa iba't ibang sektor ng komunidad na sumasama o nakikiisa sa pagbuo ng mga desisyon at polisiyang pakikinabangan ng lahat tungo sa pagsusulong ng konsepto ng demokrasya at pagkamakabayan. ("Facts about SSC". n.d).

Mula sa bisyon, misyon, at layunin ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila, masasabing naisagawa nila ang lahat ng ito dahil sa ilang mga prominenteng personalidad sa lipunan na nagmula o nagtapos sa institusyong ito. Ang ilan sa kanila ay sina Corazon Aquino- unang babaeng pangulo ng Pilipinas, Justice Cecilia Munoz-Palma- unang babaeng punong hukom ng Korte Suprema, Gloria Diaz- unang Pilipina na nagkamit ng titulong Miss Universe, Aurora Carandang-unang babaeng komersyal na piloto, Mother Irene Dabalus, OSB- unang Pilipinang naging Prioress General, Mother Mary John Mananzan, OSB, tagapagtaguyod ng samahang GABRIELA, at marami pang iba na namamayagpag sa kani-kanilang piniling larangan na kabilangan. (St. Scholastica's College, Manila- excellence as our Benedictine Service to the Community. 2005, December 2)

### **1.3. Pagsipat sa ilang mga Nilahukang Adbokasiya ng Kolehiyo**

Bahagi ng paninindigan at adbokasiya ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila ang patatakda sa kanilang sarili bilang isang paaralang nagmumulat sa mga makabuluhang pangyayari sa nagbabagong lipunan para sa pagkamit ng edukasyon para sa hustisya at pagkakapantay-pantay. Upang maging awtentiko ang paghuhubog sa mga kabataan na maging Tagapagtaguyod ng Panlipunang Pagbabago, malay silang makalalahok sa ilang mga programa na institusyong upang iparinig ang kanilang mga tinig at ipaalam ang kanilang tindig sa mga isyung babanggitin.

### **EXTRA JUDICIAL KILLINGS**

Sa kasalukuyang nagaganap na pagpaslang sa mga hinihinalang indibidwal na may kinalaman sa mga ilegal na gawain ukol sa droga, naglabas ang mga Misyongyong Benediktinang Madre ng kanilang pahayag o tindig hingil sa patuloy na gawaing ito.

Ayon sa mga nabanggit na kongregasyon, tahasan nilang tinututulan ang ganitong mga gawain sapagkat ito'y labag sa karapatang pantao ng mga pinaghihinalang indibidwal na suspek sa ilang mga krimen na may kauganayan sa droga pati na rin sa mismong gumagawa ng pagkitil ng buhay. Binanggit pa nila na bahagi ng pangunahing karapatan ng tao ang pagkakaroon ng buhay at pagpapahalaga rito sapagkat ito'y kaloob sa atin ng Dakilang Lumikha na nararapat lamang ituring bilang sagrado o banal.

Hindi naman naniniwala ang mga Benediktinang madre na ang wastong pagpaparusa sa mga criminal ay ang pagiging katulad ng mga naakusahan na maituturing na isang kriminal na gawain. Lubos nilang inaayawan na dahil sa gawaing ito'y maaari tayong tagurian bilang "Asia's new killing fields).

Sa kanilang pagpapahayag, binanggit nila ang kanilang panawagan sa kasalukuyang administrasyon ni Pangulong Rodrigo Duterte na kilala bilang tagapanguna sa pagsugpo ng droga sa lipunan na ilahad ang mga pangyayaring pagpatay na hindi bahagi ng kampanya kontra droga,

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



itigil ang pangangako ng pagbibigay ng pabuya para sa mga mapapatay na may kinalaman sa ganitong mga usapin o maging ang pagbibigay ng quota sa pag-aresto at pagsuko sa mga alagad ng batas, magsagawa ng imbestigasyon sa mga nagaganap na pagpatay at ang pagiging legal nito, at panghuli'y parusahan ang sino mang mapatutunayang nagkasala sa mga umuusbong na pagpatay.

Kinokondena rin ng paaralan ang pagpapatupad ng kaparusahang kamatayan sapagkat ito'y hindi makatao at makamasa sapagkat sinasabi na sila'y hirap na matamo ang hustisya dahil sa masalimuot at magastos na paghahanap ng mahuhusay na abogado na magtatanggol sa kanila.

Mabibigyang pagpapatibay ang tindig ng kolehuyo sa pamamagitan ng panawagan ng pagsuporta ng mga nagsipagtapos na mag-aaral (*graduates*), mag-aaral at kanilang mga magulang, kaguruan, empleyado, manggagawang nakatuon sa kalusugan, at ang iba pang misyonaryong may parehong paninindigan, at lahat ng mamamayan na may adbokasiya ukol sa pagpapahalaga at respeto sa karapatan at buhay ng mga tao.

### **PAKIKIISA SA ONE BILLION RISING**

Apat na taon nang umiiral ang paggunita sa pagtatanggol sa mga kababaihan laban sa mga pang-aabuso sa pamamagitan ng pagsayaw nang sabay-sabay sa saliw ng iba't ibang mga sariling gawang tugtugin na pumapaksa sa pagpapataas ng kalagayan ng mga kababaihan sa lipunan at ang dapat gawin para maitaas ang paggalang sa kanilang kasarian. Ang gawaing ito ay pinangunahan ng ilang mga prominenteng indibidwal na may katulad na adbokasiya ng pakikiisa sa pagtatanggol sa mga kababaihan tulad nina Monique Wilson, aktres panteatro at mang-aawit, Eve Ensler, kilalang manunulat ng akdang *Vagina Monologues*, mga Benediktinang madre sa pangunguna ng feminista at aktibistang si Mother Mary John Mananzan, OSB na may katungkulan bilang puno ng Instituto ng Araling Pangkababaihan ng nabanggit na paaralan.

Nagbunga ng gawaing ito ang istatistika ng *United Nations* na nagpapakita na isa sa tatlong babae o halos isang bilyon sa kabuuan ang maaaring dumaranas o nakaranas ng panggagahasa at/ o pambubugbog sa kanilang buhay. Hindi lamang para sa mga kababaihan ang nabanggit na adbokasiya kundi para rin sa mga kabataan nakararanas ng mga nasabing pang-aabuso.

### **PAGPATAY SA MGA LUMAD**

Umusbong ang mga balita hinggil sa pagpatay sa mga Lumad na isang pangkat etniko sa Pilipinas partikular sa Mindanao. Isa sa mga pinaghihinalaang sanhi ng pagpaslang sa mga nabanggit na pangkat ang pamimilit sa kanila ng ilang kumpanyang nagmimina na lisanin ang kanilang komunidad upang makuha ang mayamang mineral sa lupain ng mga ito.

Sa pagdating ng balitang ito sa komunidad ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila nagdaos ng pag-iingay sa kalye o mas kilala sa tawag na *noise barrage* upang magsilbing tugon sa balita ng pagpatay sa tatlong pinuno ng mga Lumad noong ikaisa (1) ng Setyembre, taong dalawanlibo labinlima (2015). Inabuso, pinilit na paalisin, at sinira ang mga ari-arian upang mapilitang lumisan sa kanilang lupain. Nagtipon-tipon ang mga mag-aaral, mga guro, administrador, at iba pang empleyado ng nasabing institusyon sa loob ng tatlumpung (30) taon upang mag-ingay at isigaw ang mga katagang "*No to Violence! Yes to Education!*" at "Hustisya!".

Dahil sa pangyayaring itom naengganyong sumali ang mga motorist na bumusina at mag-ingay bilang pakikiisa sa tindig na ito. Napagkasunduan na ito ang nararapat gawin upang higit na marinig at maging mulat ang madla sa ganitong pangyayari sa lipunan.



## PANAWAGAN SA PAGPAPALAYA SA MGA BABAENG MAG-AARAL NA NIGERIAN

Dalawanlibo at pitumpu't anim (276) na mga babaeng mag-aaral ang pwersahan o sapilitang kinuha sa bansang Nigeria noong nakaraang Abril, dalawanlibo labing-apat (2014) ng pangkat na makakaliwa na Boko Haram na ang ibig sabihin ay "Kanlurang Edukasyon ay Kasalanan".

Bilang pagtugon sa naganap na masalimuot na pangyayaring ito, lumabas mula sa kanilang silid-aralan ang mga mag-aaral ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila upang magsagaw ng pag-iingay o *noise barrage* na tumagal ng ilang minuto. Isinagawa nila ito bilang protesta sa masamang gawaing ito na labag sa karapatang pantao sapagkat tinakot ng binanggit na makakaliwang pangkat na ang kanilang mga nabihag ay gagawing asawa ng kanilang mga miyembro o kaya nama'y mga "sex slaves".

Nakiisa rin ang mga buong mundo sa kampanya sa mga hatirang pangmadla partikular sa *Twitter* sa paglalagay ng mensahe at ang #BringBackOurGirls. Sinabi pa ng isang madreng si Sr. Celine Saplala, OSB na ang pagtitipoin o *rally* ay isinagawa bilang apela na palayain at bigyang respeto ang pagkakaroon ng karapatan para sa pagkakaroon ng mainam na edukasyon tulad ng iba pang indibidwal.

## 2. METODOLOHIYA

Ang bahaging ito ng pananaliksik ang tatalakay sa mga respondenteng kabilang sa pag-aaral maging ang mga ilalapat na teorya na magiging simulain o batayan ng pagsusuri at pagbusisi sa mga kasagutan ng mga kinapanayam para sa lalong higit na pag-unawa sa adbokasiyang isinusulong ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila hinggil sa pagkakaroon ng kamalayang panlipunan at pagpapaunlad ng kalagayan ng mga kababaihan sa lipunan.

### Pangangalap ng Datos

Ang mga respondante sa pag-aaral na ito ay ang mga prominenteng personalidad sa likod ng tagumpay ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila partikular ang mga madre at karaniwang taong administrador o may mataas na tungkulin sa nabanggit na institusyon at ang mga produkto o nakapagtapos rito na naglingkod at patuloy na naglilingkod bilang guro sa Kagawaran ng Mataas na Paaralan.

Sa Talahanayan 1, nakatala ang mga pangalan ng mga respondante, bilang ng taon ng kanilang pagiging Benediktina o kasapi ng institusyon, at ang kanilang mga ginagampanang tungkulin sa paaralan.

Pangalan ng mga Respondante	Taon ng Pananatili sa Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila	Katungkulan
1. Sr. Mary Frances Dizon, OSB	Tatlumpung (30) taon (bilang madre)  Dalawang (2) taon (bilang pagulo)	Pangulo ng Kolehiyo





2. Dr. Virginia R. Fornias	Dalawamput isang (21) taon	Pangalawang Pangulong Pang-akademiko
3. Mo. Mary John Mananzan, OSB	Higit sa limampu't limang taon (55 pataas)	Direktor, Instituto ng Araling Pangkababaihan
4. Sr. M. Regina C. David, OSB	Apatnapu't (46) anim na taon (bilang madre)  Limang (5) taon (bilang punongguro)	Punongguro, Mababa at Mataas na Paaralan
5. Gng. Malou N. Cura	Labindalawang (12) taon (bilang mag-aaral)  Labing-anim (16) na taon (bilang administrador)	Dating Pangalawang Punongguro, Mataas na Paaralan at kasalukuyang Punongguro ng Everest Academy Manila
6. Gng. Yasmin Fides R. Nuguid	Labindalawang (12) taon (bilang mag-aaral)  Labinlimang (15) taon (bilang guro at administrador)	Tagapag-ugnay, Erya ng Ingles
7. Gng. Mary Daisy U. Espina	Labindalawang (12) taon (bilang mag-aaral)  Labintatlong (13) taon (bilang guro at administrador)	Tagapag-ugnay, Erya ng Araling Panlipunan

### **Talahanayan 1: Pangunahing Impormasyon ng mga Kinapanayam**

Mapapansin sa Talahanayan 1 na pumili ng pitong (7) respondante ang mga mananaliksik na itinuturing na prominente sa Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila at may higit na kaalaman sa adbokasiya at Benediktinang isinusulong ng nabanggit na institusyon. Mapapansin na tatlo (3) sa mga respondante ay mga madre na administrador o may hawak ng buong paaralan, isang yunit sa pangunahing edukasyon, at at isang instituto na pangunahing nakatuon sa pagkalinga sa mga kababaihang napababayaang at naaabuso ng lipunan. Ang tatlo (3) pang iba ay mga karaniwang tao na nagtapos sa nabanggit na kolehiyo at bumalik upang maglingkod at naging o kasalukuyang bahagi ng



administrasyong nagpapalakad ng yunit ng mataas na paaralan. Habang ang isng (1) kalahok ay karaniwang tao rin na kasalukuyang humahawak ng pangalawa sa pinakamataas na posisyon ng institusyon at nakapagsilibi sa dalawang yunit- ang mataas na paaralan at kolehiyo.

Bumuo ang mga mananaliksik ng sampung katanungan upang kanilang magamit sa pakikipanayam sa mga nabanggit na indibidwal sa talahanayan bilang 1. Ang pangkat o set ng mga katanunangan (Apendise A) ay nakatuon sa pag-alam ng bilang ng taon ng kanilang ugnayan sa institusyon, ang kanilang konsepto ng Benediktinang edukasyon, adbokasiya at paniniwala at ang epekto o ambag nito sa pangkalahatang aspekto ng mga ito sa kanilang pagkatao.

Upang higit na maunawaan at muling mabalikan para sa mas detalyadong pagkuha ng datos, sa idinaos na pakikipanayam at pinahintulutan ang mga mananaliksik na irekord ang magiging daloy ng usapan.

### **Batayang Teoretikal**

Itinakda ng dalawang teoryang napili ng mga mananaliksik ang pagmumulan o pagbabatayan ng mga pagbuo ng sampung katanungan na gagamitin sa pakikipanayam na pangunahing nakatuon sa Teoryang Feminismo at Sosyolohikal bilang pagpapakita na ang adbokasiya ng Sta. Eskolastika ay pangunahing nakatuon sa pagpapataas ng antas ng kalagayan ng mga kababaihan at sa kaayusan ng lipunan sa paraan ng pagiging malay sa mga nangyayari rito.

**Teoryang Feminismo:** Nagsimulang gamitin ang terminong Feminismo noong taong labing-walo at siyamnapu't lima (1895) na pumapatungkol sa pagkakaroon ng pantay na karapatang pantao ng mga kababaihan tulad ng nararanasan o natatamsa ng mga gampanin at responsibilidad sa lipunan. Ang isang feminista nama'y isang indibidwal, babae man o lalaki na sumusuporta sa nabanggit na simulain. (Stearman, 2004).

Sa paglipas ng panahon ang konsepto ng Feminismo ay nagbagong anyo at patuloy na nagbabagong anyo magpahanggang sa kasalukuyan. Maraming feminista ang naniniwala sa pagkakapantay-pantay sa pagitan ng mga kababaihan at kalalakihan, ang mga kababaihan ang higit na nakatataas o nakaaangat sa mga kalalakihan, at kung minsang mayroong mga pananaw na hindi kailangan o walang halaga ang lalaki sa lipunan. Ang kilusang Feminismo ay walang pinuno, uniporme, istruktura o pamahalaan. Pagdating naman sa tindig nito sa mga isyung panlipunan, hindi ito nilalayon, iminumungkahi, isinusulong, at maging isinasagawa ang karahasan at makikita sa mga adbokasiyang pinananaigan nito na ang pagpapahayag ng damdamin hinggil sa isang napapanahong usapin ay naging mapayapa at walang karahasan.

Binanggit pa sa aklat ni Stearman (2004) na anuman ang maging pananaw ng mga mamamayan sa lipunan hinggil sa konsepto ng Feminismo, hindi maikakaila na nakapagdulot na ito ng maraming pagbabago sa buhay ng mga kababaihan hinggil sa pagpapataas ng paggalang sa kaalaman at kakayahan ng kanilang hanay na mamuhay ng tumatayo sa kanilang mga sariling paa nang may panindigan at kaayusan. Binago nito ang paraan ng pag-iisip, pagkilos, pag-uugali, at maging ang pamumuhay ng dalawang kasarian.

Bagaman tinatanggap na ng lipunan ang ideya ng kilusang Feminismo, masasabi pa rin na nanatili ang pagiging kontrobersyal nito bunga ng pagkakaroon ng ng iba't ibang oryentasyon ng mga tao hinggil sa kahulugan ng kasarian at pagkakapantay-pantay na naimpluwensyahan ng

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



paraan ng papalaki, relihiyon, kultura, at ang paraan ng pamumuhay na mayroon ang isang indibidwal. Maaaring nagbago na ang takbo at paniniwala ng lipunan ngunit may mga pagkakataon pa ring bumabalik ang tao sa ilang mga lumang ideya ukol sa gampanin ng babae at lalaki.

**Teoryang Sosyolohikal:** Ayon sa pagtalakay na mula sa isang website na enotes.com, umiikot ang sosyolohikal na perspektibo sa kung paano tinitingnan ang pag-uugali ng isang indibidwal at ang kaugnayan niya sa lipunan sa kabuuan. Sinisipat nito ang kaugnayan ng lipunan sa kanyang mga mamamayan at ng pag-uugali ng mamamayan sa istruktura ng lipunang kanyang kinabibilangan.

Nakasentro at sinusuri ng teoryang ito ang anyo ng lipunan at kung paano ito umiiral at ang kahalagahan nito upang matanto ang prosesong pinagdadaanan ng paghuhubog ng isang indibidwal na makatutulong sa kanyang pang-araw araw na pamumuhay.

Hindi nilalayan ng pananaw o perspektibong ito na ipagsawalang bahala ang mga pagpapahalaga ng isang indibidwal bagkus ay maging kritikal sa pagsusuri ng mga ideya at pagtanggap ng kung ano pa mang bahagi nito na nakabatay sa mga patunay o ebidensya. Kadalasang pinaniniwalaan ng pananaw sosyolohikal ang opisyal na mga pagpapaliwanag na kulang o may kinikilingan. Nangangailangan ng pagsisikap at pagbasa sa pagitan ng mga linya o pag-iisip sa labas ng kahon ang ilang mga ideya na pumapatungkol sa katotohanan.

Iminumulat ng sosyolohikal na perspektibo ang pangkalahatang anyo ng lipunan upang higit na makita ang kilos at pag-uugali ng mga partikular na indibidwal na nagmumungkahi ng mga kaalaman ukol sa lipunan o mundo na nakabatay sa mga prominenteng indibidwal at sa kanilang perspektibo sa kung paano nagaganap ang pag-iral.

### 3. MGA RESULTA AT PAGTAKAY

Tinatalakay sa bahaging ito ang resulta ng pakikipanayam ng mga mananaliksik sa mga prominenteng indibidwal na nagsusulong ng paninindigan at adbokasiya ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila. Karamihan sa kanila'y patuloy na naglilingkod sa nabanggit na kolehiyo habang ang ila'y umalis man ay patuloy na gumagawa ng pangalan sa larangang kanilang kinabibilangan bitbit ang Benediktinang Pagpapahalaga.

#### **Paninindigan ng mga Administrador ng Paaralan**

##### **Sr. Mary Frances Dizon, OSB**

Si Sr. Mary Frances Dizon, OSB ay ang ikalabingsiyam na pangulo ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila noong Mayo 2015 hanggang sa kasalukuyan. Ito ay matapos na gampanan ang pagiging Pansamantalang Pangulo mula Disyembre ng taong 2014. Humawak siya ng iba't ibang posisyong pang-administratibo mula taong 1995 sa mga paaralang pinatatakbo ng mga madreng Benediktina sa iba't ibang bahagi ng bansa. Nagkaroon din siya ng karanasan na maging guro sa Mataas na Paaralan sa asignaturang Sipnayan mula taong 1971 hanggang 1984 at 2006 hanggang 2007.

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



Sa kabila ng pakikiisa sa mga *vocation talk*, *search-in at retreat* mula nang siya ay labingwalong taong gulang, labingdalawang taon pa ang lumipas bago siya tuluyang nagpasyang lisanin ang pamilya at pumasok sa kumbento taong 1983 at naging ganap na madre taong 1986. Malaki ang naging papel ng kanyang tiyahin na si Bb. Josefina M. Dizon sa kanyang pagdedesisyon na maging kabilang sa *Order of St. Benedict (OSB)*. Ang kanyang tiyahin, na nag-alaga sa kanya at iba pa niyang pinsan, ang unang nangarap na maging madre ngunit dahil sa katandaan at mahinang katawan, ay hindi natanggap sa kumbento. Dagdag pa ni Sr. Mary Frances, ang pagiging malapit ng kanyang tiyahing guro sa *St. Scholastica's Academy* (isang paaralang pinamamahalaan ng mga OSB sa San Fernando, Pampanga) sa mga madreng OSB ang naging daan upang siya rin ay mapalapit sa mga ito. Naakit din si Sr. Mary Frances sa mga madreng Benediktina sa napagandang buhay-panalangin ng mga ito.

Para kay Sr. Mary Frances, ang Benediktinang Edukasyon bilang katumbas ng kahusayan pang-akademiko sapagkat kilala ang mga mag-aaral ng mga paaralan na pinamumunuan ng mga Benediktina na nangunguna sa mga paligsahan. Sa mga unang taon niya bilang guro sa Mataas na Paaralan ng Pampanga, malimit niyang nakakalaban ang *St. Scholastica's Academy*, at ito ang nagpatunay na ang mga mag-aaral na nag-aaral sa nasabing paaralan ay mahusay sa akademiko. Naging malapit na rin siya sa mga gurong Benediktinang katrabaho ng kanyang tiyahin bago pa man siya magdesisyon na pumasok sa kumbento. Mas nanaig sa kanya ang kahusayang pang-akademiko at ang *Ora et Labora* o Panalangin at Paggawa na katumbas ng Benediktinang Edukasyon. Sa kanyang pagdating sa Kolehiyo ng Santa Eskolastika, Maynila, naidagdag ang paghahanay ng kamulatan at katarungang panlipunan sa pagpapakahulugan niya ng Benediktinang Edukasyon.

Naniniwala din si Sr. Mary Frances na ang bisyon ng Kolehiyo para sa pagbabagong panlipunan, katarungan, at kapayapaan ang pangunahing dahilan kung kaya't iminumulat ang mga mag-aaral ng Kolehiyo. Dahil ang mga mag-aaral ay mga kababaihan, mahalaga na maiparating sa kanila ang kanilang magagawa upang mas mapabuti ang lipunang kinabibilangan. Ayon pa sa kanya, nagkaroon siya ng mas malawak na pag-unawa sa kung ano ang dapat na ipaglaban ng mga kababaihan nang siya ay pumasok na sa kumbento. Naimulat siya sa mga hindi patas na pagtrato sa mga babae sa lipunan - na hindi niya naranasan sa kanyang pamilya. Lumaki siya sa isang pamilya na mas nakahihigit ang bilang ng mga babae sa lalaki; sa walong magkakapatid, anim ang babae at ang mga lalaki at pawang mas bata, kung kaya't mas nakahihigit ang posisyon ng mga babae sa pamilya nila. Sa kumbento na niya napagtanto na may mga babaeng nakararanas ng opresyon sa pamamagitan ng pakikinig sa mga palihan, pakikihalubilo at pakikinig sa mga karanasan ng mga naging biktima ng opresyon, prostitusyon at komodipikasyon. Nagkaroon din siya ng pagkakataong makabisita sa isang bar at doon niya narinig ang mga pang-aabuso sa mga babaeng bayaran lalo na sa mga kostumer nilang dayuhan; hindi lamang sila gagamitin kundi sasaktan pa. Para kay Sister, hindi na niya kailangang maranasan ang

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



diskriminasyon sa mga babae, sapat na ang mga narinig at nasaksihan niya upang makaramdam ng galit at magnais ng katarungan at patas na pagtingin sa babae at lalaki. Dagdag pa niya, dapat na magpasalamat kay Sr. Mary John Mananzan sa pangunguna sa mga gawaing para sa kababaihan.

Malaki ang naging papel ng pakikisalamuha at pakikipamuhay sa mga nangangailangan, naapi at mahihirap sa pagkakaroon ng kamulatan ni Sr. Mary Frances sapagkat sa mga pagkakataong iyon niya naranasan ang totoong nangyayari sa lipunan, na hindi niya naranasan. Ibinahagi pa niya na ang buhay ng kinalakhan niya ay payak lamang, walang karangyaan na nararanasan, ngunit hindi niya naramdaman na sila ay mahirap sapagkat hindi naman sila pumapalya sa pagkain at may tinitirhan. Bukod pa rito, mataas ang tingin sa pamilya nila sa kanilang baryo sapagkat guro ang tatay niya, kinikilala sila sa buong baryo. Nang pumasok siya sa kumbento, sa pamamagitan ng pakikisalamuha at pakikipamuhay sa mga kapus-palad, noon niya naisip na napakarami pang higit na mahirap sa kanila; mga pamilyang walang inuuwiang tahanan, kung mayroon man, hindi kaaya-ayang tirhan, mga pamilyang walang makain at hindi malaman kung saan kukuha ng ipanlalaman-tiyan.

Itinuturing ni Sr. Mary Frances ang pagsasagawa ng pakikipamuhay at paglubog sa kung ano ang nararanasan ng mga taong hindi gaanong pinalad ang pinakaepektibong paraang upang maimulat ang sinuman sa katotohanan sa lipunan. Ayon sa kanya, naipakikita ng mga mag-aaral na nakaranas ng paglubog ang kamulatan sa pamamagitan ng mga realisasyon na naisusulat nila sa kanilang mga pagninilay pagkatapos ng gawaing ito. Sadyang epektibo ang pagpaparanas sa mga mag-aaral na kababaihan ng iba't ibang katotohanang nangyayari sa lipunan upang mapagtanto nila ang mga dapat na bigyan ng pansin at hanapan ng solusyon.

Nais niyang mapagtanto ng mga mag-aaral na may mga katangian tayong dapat na ipagmalaki; mas mahinahon tayo kaysa sa mga lalaki at malaki ang magiging papel sa pagpapalaganap ng kapayapaan. Ayon pa sa kanya, kailangan nang balikan at suriin ang kultura natin pagdating sa katayuan ng mga lalaki at babae. Ang tanong pa niya: "Mahina ba talaga tayo (mga babae)?" – sa kanyang pananaw, maaaring ito lamang ang ipinamulat ng kulturang mas mataas ang tingin sa mga lalaki. Dahil sa mga naranasan niya sa Santa Eskolastika, masasabi malaki ang naging ambag ng paaralan sa kanyang paninindigan gayundin sa kanyang sariling pagkatao.

#### **Dr. Virginia R. Fornias**

Naging bahagi ng Kolehiyo ng Santa Eskolastika, Maynila si Dr. Virginia Fornias bilang guro ng Agham (*Chemistry*) noong taong 1993 hanggang sa nagpasyang magretiro bilang Pangalawang Punongguro ng Mataas na Paaralan noong taong 2010 upang bigyang-tuon muna ang kanyang pamilya. Ngunit tila hindi maihihiwalay si Dr. Fornias sa kanyang mahal na Institusyon sapagkat paglipas lamang ng isang taon ay muli siyang

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



nagkaroon ng pagkakataong maging bahagi ng paaralan. Inanyayahan siya upang mamuno sa binubuong *Quality Assurance Office* ng dating Pangalawang Pangulo na si Sr. Mary Thomas Prado. Nang mahirang na bagong pangulo ng Kolehiyo si Sr. Mary Thomas, itinalaga niya si Dr. Fornias bilang Pansamantalang Pangalawang Pangulo noong 2011.

Nakikita ni Dr. Fornias ang Benediktinang Edukasyon na nakaangkla sa mga pagpapahalaga at tradisyon ng mga Benediktina. Naging malaki ang bahagi ng espiritwal na pormasyon na naranasan niya nang siya ay guro pa sa Mataas na Paaralan. Ang pagsunod sa Tuntunin ni San Benito (*The Rule of St. Benedict*) ay naging malaking bahagi ng kanyang buhay sa paaralan at sa tahanan. Mahalagang bahagi rin ang kahusayang pang-akademiko na inaasahan mula sa mga mag-aaral, tulad ng pagpapahalaga ni San Benito sa pagpapatuloy na paghahanap ng karunungan.

Ang pagtuturo at paghubog sa mga kababaihan upang maging daan tungo sa pagbabagong panlipunan ay bahagi na ng Benediktinang Edukasyon sapagkat ang paaralan ay kilala sa pagiging isang Institusyon na may *socially-oriented* mula pa noong 1975. Kung kaya't bilang isang paaralang *socially-oriented*, inaasahang ang mga aralin na ituturo sa mga mag-aaral ay may katuturan at kabuluhan upang ang mga magtatapos sa Kolehiyo ay magkaroon ng ambag sa lipunan. Ipinararanas sa mga mag-aaral ang iba't ibang adbokasiya ng paaralan upang mamulat ang mga ito sa kung ano ang dapat na pagtuunan ng pansin. Dagdag pa ni Dr. Fornias, ang pakikilahok ng Kolehiyo ay pinakaaktibo sa pagpapahayag ng adbokasiya noong panahon ni Sr. Mary John Mananzan.

Para kay Dr. Fornias ang mga katangiang taglay ng isang Iskolastikan ay: dapat marunong magpahayag at panindigan ang kanyang saloobin; ang pagkakaroon ng malasakit sa kapwang mas nangangailangan; mapagpakumbaba; kayang makisalamuha sa mga taong mula sa iba't ibang antas ng lipunan. Ang mga magtatapos sa Kolehiyong ito ay inaasahang makapag-ambag ng mabuti sa lipunan kung kaya't ang mga pagtuturo ay hindi lamang puro asignaturang pang-akademiko kundi may kasamang pagpapahalaga. Hindi nawawala sa mga Iskolastikan ang pagmamalasakit sa kapwa na nangangailangan.

Upang makabuo ng ganitong mga magsisipagtapos, mahalagang maisabuhay nang wasto ang mga pagpapahalaga at aralin ng mga guro. Bago ibigay na pagpaparanas sa mga mag-aaral tulad ng *noise barrage*, *One Billion Rising* at iba pang adbokasiya, mahalagang mailatag muna sa mga mag-aaral ang dalawang panig at hayaang magdesisyon at manindigan ang mga mag-aaral. Para kay Dr. Fornias, malaki ang papel ng mga guro upang maipaabot ang iba't ibang panindigan ng Kolehiyo sa mga mag-aaral at gabayan ang mga mag-aaral sa pagproseso ng mga isyu.

Malaki ang naging partisipasyon ni Dr. Fornias sa nagpapahayag ng Institusyon ng pagkadismaya sa nangyari sa SAF44. Nakiisa siya sapagkat alam niya ang sakit na naramdaman ng mga kaanak sa kadahilanang miyembro rin ng SAF ang kanyang mister kung kaya't hindi siya nagdalawang-isip na makiisa sa ginawang pagpoprotesta. Ngunit



may ilang pagkakataon na kailangang pag-isipan munang mabuti ang kanyang saloobin tulad ng mga nangyayari sa kasalukuyan (*extrajudicial killings*).

Sa katayuan naman ng mga babae sa Kolehiyo, ang pananaw ni Dr. Fornias bilang isang administrador ay ang pagkakaroon ng pantay na pagtrato sa babae at lalaking kabahagi ng Institusyon. Ngunit, para sa kanya, may ilang pagkakataon na dapat intindihin ang mga kababaihan dahil sa ilan niyang pangangailangan at hindi dahil sa babae siya. Sa kasalukuyan, may malinaw na pagkakaiba ang katayuan ng mga kababaihan sa loob ng Kolehiyo sa labas, isang pagkakaibang patuloy pang hahanapan ng lunas ng mga Benediktina.

Napakalaki ng naging bahagi ng Kolehiyo ng Santa Eskolastika sa mga paninindigan ni Dr. Fornias. Ibinahagi niyang naging malaki ang pagbabago ngunit hindi rin naman siya lumayo sa kanyang pananampalataya sa halip ito ay lumalim at nasuportahan ang pananampalatayang mayroon na siya. Ang espiritwalidad na mayroon siya ngayon ay maituturing na isang magandang halimbawa ng pagsasabuhay ng Pormasyong Benediktina na natagpuan niya sa Kolehiyo ng Santa Eskolastika, Maynila.

### **Mo. Mary John Mananzan, OSB**

Benediktina, Feminista, at Aktibista. Sa tatlong paglalarawang ito nakilala ang madreng si Sr. Mary John Mananzan. Tanyag siya hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa iba pang panig ng mundo dahil sa kanyang angking tapang sa pagpapahayag niya ng kanyang damdamin at tinig hinggil sa mga isyung panlipunang nakapokus sa mga kababaihan na pangunahing tuon ng kanyang adbokasiya. Sa kanyang husay sa napiling isinusulong na adbokasiya, itinalaga siya bilang Pangulo ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila kung saan sa kanyang termino higit na binigyang linaw ang mithiin ng nabanggit na institusyon hinggil sa pagbibigay ng Edukasyon upang makamit ang Hustisiya. Bunga ng mga pagbabagong dala ni Sr. Mananzan, isinaayos ang kurikulum, metodolohiya, at iba pang sistema ng paaralan nang sa gayo'y maiagapay ito sa patuloy na nagbabagong hamon ng lipunan.

Kilala si Sr. Mananzan bilang matapang na indibidwal na lumalabas sa apat na sulok ng akademya upang makilahok at kalauna'y pati ang paaralan sa iba't ibang adbokasiya at pakikibakang politikal noong panahon ng *Martial Law*. Instrumental rin siya sa pagbabagong bihis ng imahe ng isang Iskolastikan bilang aktibong kaanib sa paglutas sa mga suliranin o isyung panlipunan at pambayan sa kabuuan. Siya ri'y kinikilala bilang *chairman* ng feministang organisasyong GABRIELA at pangunahing tagapagtaguyod ng Instituto ng Araling Pangkababaihan na sa kasalukuya'y kanyang pinamamahalaan bilang director nito.

Sa kanyang panayam, binanggit niya ang mahabang lakbayin niya sa Kolehiyo simula nang siya'y mag-aral dito ng haykul hanggang sa pumasok siya sa kumbento sa edad na labing siyam (19). Ang kanyang husay sa larangang akademiko at pagkakaroon ng matibay na adbokasiya ang nagdala sa kanya upang maging guro sa mataas na paaralan

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



sa lob ng apat (4) na taon, maging dekana sa loob ng mahabang labing walong (18) taon. Higit pang nakilala at namayagpag ang bandera ng mga Iskolastikan nang siya na ang maging Pangulo nito sa loob ng mahabang labing-anim na taon.

Binigyang pagpapaliwanag niya ang Benediktininanug Edukasyon sa pagtingin dito sa katulad na perspektibo ng nakararami tulad ng pag-uugnay nito sa mga pagpapahalaga ng paaralan na makikita sa *Ten Benedictine Hallmarks* at ang kilalang *motto* ng institusyon na *Ora et Labora*. Binanggit pa niya na mayroon siyang sariling pagpapaliwanag dito. Ito raw para sa kanya ay *Mystic and Prophetic*- "*Is to be a mystic in action and to be a prophet in contemplation*"

Nagsimulang imumulat ang mga kabataan o mag-aaral ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila bilang Tagapagtaguyod ng Panlipunang Pagbabago noong panahon ng *Martial Law* na may malaking partisipasyon ang mga madre. Ginamit nila ang lahat ng paaralan upang maging tsanel ng pagmumulat na ang lahat ng mga institusyon ay nararapat lamang na maging maalam sa mga panlipunang pangyayari sa bansa. Isang daan upang maging awtentiko o totoo ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagiging mulat sa mga pangyayari sa lipunan ay ang pagpapadalo sa kanila sa mga mapayapang pag-aaklas o *rally*.

Maliban sa mga nabanggit na gawain ng pagpaparanas sa mga mag-aaral ng totooang nangyayari sa lipunan, nagkakaroon rin ng mga tinatawag na *immersion programs* kung saan dito nila matatanto ang nagagawa ng pagsaling sa puso ng isang kapwa. Hindi nila magagawa ito kung makikinig lamang sa mga lektyur o seminar bagkus ay nararapat ipakita at iparamdam sa kanila ang pakikipamuhay at pakikisalamuha sa mga mahihirap at naghihikahos sa buhay. Sinabi pa niya na sino man ay maaaring maging eksperto pagdating sa *Marxist Analysis of Society* ngunit mayroon ba silang awa at pakikisimpatya sa mga mahihirap?

Hindi maikakaila na ang prayoridad ni Sr. Mananzan ay ang tungkol sa mga kababaihan upang maitaguyod ang pagpapataas ng paggalang sa mga kababaihan at ito ang isa sa mga isyu na nais niyang pagtuunan ng oras at pansin. Isa sa mga di malilimutang adbokasiya niya ay ang pagkondena sa pang-aalipusta sa mga kababaihan tulad ng panggagahasa pambubugbog na isang napakasakit na pangyayari sa buhay ng isang babae.

Sa mga nagdaang panahon, paniniwalaan niya na marami na ang nagawa ng kanyang adbokasiya simula taong labing-siyam pitumpu't anim (1976) para sa pagsusulong ng karapatan ng mga kababaihan dahil sa pagpapatupad ng mga batas na nakatuon para sa mga babae, banggitin pa ang *Magna Carta for Women* at nagkakaroon na ng boses ng pag-alma kung sakaling ang mga babaeng ito ay maaabuso o inaabuso. Isa pa sa mga katangi-tanging pangyayari ukol dito ay ang pagtatakda ng mandato ng Komisyon sa Mataas na Edukasyon o *Commission on Higher Education* na gawaing isa sa mga pangunahing tuon ng lahat ng paaralan sa Tersyarya ang pag-aaral sa Kasarian. Marami man ang nabanggit na pagbabago, patuloy pa ring nakaririnig ng mga balita na pumapaksa sa mga krimen tulad ng pambubugbog, pagpatay, panggahasa sa mga





kababaihan at prostitusyon. Marami na ang kanilang ginawa ngunit alam nila na mga tagapagsulong sa karapatan ng mga kababaihan na marami pa silang dapat gawin at isaayos para sa pagpapatuloy ng tagumpay ng kanilang isinusulong na paniniwala.

Iminumulat sa kalagayan ng mga kababaihan sa paraan ng pagkakaroon ng tatlong (3) yunit ng kurso ng Introduksyon sa kababaihan na kinakailangang kunin ng lahat at ang Kolehiyo ng Sta. Eskolastika lamang ang mayroong ganoong patakaran na kakikitaan talaga ng malasakit sa kalagayan ng mga kababaihan sa lipunan. Maliban doon, nagbibigay rin ng palihan ukol sa *Gender Sensitivity* sa mga empleyado ng paaralan upang magamit sa mga hamon ng tunay na buhay. Sa pamamagitan nito, magkakaroon na ng pakialam ang bawat isa ukol sa pagkakaiba ng bawat kasarian at mauunawaan ang pinagdaanan bilang isang lalaki o babae.

Binigyang buhay ni Sr. Mananzan ang panayam sa pamamagitan ng pagmamalaki na may kamulatan at kabuluhan na ang pagsusulong na kanilang ginagawa at bilang patunay rito ang paggamit ng usaping pangkababaihan o sekswalidad bilang paksa ng mga pag-aaral na tulad nito.

Nang tanungin siya kung malaki ang ambag ng Sta. Eskolastika sa kanyang paninindigan, tahasan niyang sinabi na siya ang nagbigay ng malaking impluwensya ukol sa kamulang panlipunan at pangkababaihan na pangkalahatan o pang-institusyon. Ang mga madreng lumalahok at lumalabas sa mga pagtitipon upang ipahayag ang kanilang tinig at ipakita ang kanilang tindig ang siyang nagpaalab ng adbokasiya ng institusyon na lalong paigtingin ang papadama ng tunay na kalagayan ng mga kababaihan sa labas ng Sta. Eskolastika.

### **Sr. M. Regina C. David, OSB**

Apatnapu't anim (46) na taon nang kasapi ng kongregasyon ng San Benito ang ngayo'y limang taong punongguro ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Manynila. Apat na taon sa Mababang Paaralan at Unang taon naman sa Mataas na Paaralan. Siya'y pinagkatiwalaan na pamunuan ang dalawang yunit na ngayo'y nasa transisyon upang maging BED o *Basic Education Department* kung saan pag-iisahin ang dalawang nabanggit na yunit.

Maituturing na hindi inaasahan ang pagiging madre ni Sr. David sapagkat sinamahan niya lamang ang kanyang mga kaibigan upang kumuha ng pagsusulit para makapasok sa kongregasyon. Ang dalawa niyang kaibigan ay di nakapasa ngunit siya ay pinalad at patuloy na niyakap ang kapalaran at naramdaman ang tawag ng bokasyon o "calling". Noong siya'y musmos pa lamang nais na niyang tularan ang mga madreng nagbibigay ng tinapay o kumakalinga sa mga kabataan at nasabi niya sa kanyang sarili na nais niyang maging tulad ng kanyang mga nakikitang babaeng nakaabito at walang sawang tumulong sa mga kapos-palad. Ang planong ito'y tahasang tinutulan ng kanyang mga magulang at dumating pa sa puntong hindi na siya nais pang makita o pinauwi ng kanilang tahanan. Magkagayuman ang nangyari, ipinagpatuloy niya ang pagnanais niyang maging relihiyoso at maging kasapi ng kamadrehan ni San Benito.



Pinaniniwalaan niya na ang Benediktinang Edukasyon na nakatuon sa kahusayan o *“excellence”* na ang ibig ipakahulugan ay ang pagbibigay ng pinakamakakaya para sa ikabubuti ng sarili, pamayanan, at higit sa lahat, para sa kagustuhan ng Dakilang Lumikha.

Tinuturuan umano ang mga kasapi ng Benediktinang Komunidad na maging Tagapagtaguyod ng Panlipunang Pagbabago sapagkat ito ang nakaatang sa atin simula nang tayo’y ipanganak sapagkat ang unang kautusan sa atin ay magbigay ng pag-ibig na walang hinihingi at kapag naisakatuparan ito’y maaari na tayong makapagbago ng isang bagay o indibidwal na maging isang mapagmahal at mapagbigay na indibidwal. Ang isang mag-aaral na nakapagtapos sa institusyong ito ay inaasahang naisasabuhay ang kanyang mga napag-aralan sa loob ng apat na sulok ng silid-aralan patungo sa pagkilos na isinasaalang-alang ang mga pagpapahalaga ayon sa turo o gabay ni San Benito para maisakatuparan ang anumang kanilang ninanais.

Upang maging awtentiko ang pagiging tagapagtaguyod ng panlipunang pagbabago, tinuturuan o iminumulat ang mga mag-aaral sa adbokasiya ng paaralan na magkaroon ng boses sa lipunan kung kaya’t kilala ang mga madreng Benediktina na aktibo sa lansangan at ipinararanas rin nila ito sa kanilang mga mag-aaral sa pamamagitan ng paglalapat ng mga isyung panlipunan sa mga aralin at pagsasama sa mga ito sa ilang mga pagkilos upang maihayag ang kanilang opinyon bilang bahagi ng pagsuporta sa tindig ng institusyon.

Masasabing napataas ng paaralan ang katayuan ng mga kababaihan sa lipunan sa paraan ng pagpaparanas sa kanila ng mga tunay na pangyayari tulad ng eleksyon. Ikinatuwa ng madreng aming kinapanayam ang naganap proseso ng eleksyon sapagkat ipinakita ng resulta ang pagkiling ng mga batang mag-aaral sa kandidatong pareho ng kanilang kasarian. Itinuturing nila na may magagawa ang isang babae bilang isang ina o kapatid na may pagkalinga sa kanyang kapwa st hindi lamang mga lalaki. Sa tunay na buhay, paglabas ng institusyon, hindi pa ganoong kalakas o napalalakas nang husto ang hanay ng mga kababaihan dahil simula pa lamang noo’y ipinakita na si Eba ay hinugot lamang sa tadyang o bahagi lamang ni Adan na tumimo sa isipan ng ating mga ninuno na magpahanggang ngayo’y nadala natin sa ating pamumuhay. Isang binanggit na halimbawa ang pagsisilbi ng kanyang ina sa kanyang ama sa tuwing dumarating ito mula sa trabaho at ang pagkuha nito ng kanyang tsinelas at pamalit na damit na isang paraan ng pagsailalim ng babae sa lalaki.

Malaki ang nagawa ng institusyon sa paninindigan ni Sr. David sa paraan ng pagpapakita ng kahusayan sa anumang bagay na makikita sa pananaw ng mga magulang at mga nagsipagtapos bilang patunay na kaya ng isang Iskolastikan na magpahayag ng kanilang damdamin at ninanais nang may paggalang sa sino man at ano man ang katayuan nila sa buhay.

**Gng. Malou N. Cura**

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



Si Mrs. Ma. Lourdes N. Cura ay masasabing isang tunay na Benediktina – nagsimula siyang maging bahagi ng Kolehiyo ng Santa Eskolastika mula nang siya at prep noong taong 1979 hanggang sa magtapos ng Mataas na Paaralan noong taon 1991. Masasabing ang mga taon kung kailan nahuhubog and isang tao ay naigugol niya sa paaralang ito. Taong 1998 nang magsimula siyang magtrabaho bilang *part-timer* na guro sa Araling Panlipunan sa Mataas na Paaralan. Taong 2003 naman nang siya ay maging *full-time faculty* sa parehong Departamento hanggang sa magretiro noong taon 2014.

Para kay Mrs. Cura, ang Benediktinang Edukasyon ay kasingkahulugan ng pagkakaroon ng kamulang panlipunan at pagkilos tungo sa pagpapabuti ng lipunan. Sa kanyang pananaw, hindi sapat sa mga Iskolastikan na mulat ka lang sa mga nangyayari sa lipunan sa halip, mayroon kang kongkretong solusyon na makatutulong sa pagpapabuti ng kalagayan ng lipunan.

Ang pagtuturo sa mga kababaihan upang maging *agents of social transformation* ay may kinalaman sa pangunahing layunin ng Institusyon na edukasyon para sa katarungang panlipunan. Malaki rin ang kinalaman ng oryentasyon ng mga sinaunang madreng Aleman na nagtatag ng paaralan, nang umalis ang mga madreng Aleman, pumalit ang mga madreng Pilipino na may progresibong pananaw at naglayon na pataasin ang antas ng kababaihan sa lipunan.

Ang katangiang inaasahan mula sa isang Iskolastikan ang ang kakayahang makapagpahayag ng sariling pananaw lalo na sa mga isyung panlipunan; pananaw na nabuo sa pamamagitan ng pagtingin sa bawat panig at pagtimbang kung ano ang tama at panindigan ito. Isa pang katangian ay ang husay sa komunikasyon, maging pasulat man o pasalita. Gayundin ang kakayahang makuha ang atensyon ng mga nakikinig. Ikatlo, ang pagkakaroon ng malasakit sa kapwa at kakayahang makibagay sa lahat ng tao, maging sa mga nasa laylayan ng lipunan.

Malaki ang naging bahagi ng pagpapamulat ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral ng iba't ibang isyung panlipunan. Ganoon din ang pagkikiisa sa pagkilos laban sa anumang uri ng mali sa lipunan. Sabi pa nga niya: “Kung nasaan ang aksyon, naroon ang mga Iskolastikan.” Ang mga madre mismo ang maglalapit sa mga bata ng mga isyung dapat nilang bigyan ng paninindigan.

Ang nagpamulat sa kanya na maging mas sensitibo sa mga hinaing ng mga mas nangangailangan ay ang naranasang pag-aaklas ng mga guro nila noong siya ay nasa Ikaapat na Taon sa Mataas na Paaralan. Nagkaroon ng pag-aaklas sapagkat may ilang benepisyong hindi naipagkakaloob sa mga guro noong panahon na iyon. Doon niya napagtanto ng katotohanan sa buhay na maraming hindi pantay sa lipunan. Nang siya naman ay guro na, ang hindi niya malilimutan ay ang pagkakataong inimbitahan ng mga madre and mga *whistle blower* sa nagdaang PDAF Scam. Lalo siyang naliwanagan sa kung ano ang kanyang responsibilidad sa lipunan.

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



Unti-unti nang nagkakaroon ng boses at lumakas ang papel ng mga babae sa lipunan, ayon kay Mrs. Cura. Para sa kanya at sa propesyon na kinabibilangan niya, ang pagtuturo o edukasyon, mayroon nang mataas na pagtingin sa mga babae. Mas nakalalamang pa nga raw ang mga babae sa larangang ito, sapagkat tila may mas malasakit ang mga babae, o mas parang nanay na maalaga, kaysa sa mga kalalakihan.

Ang pagpaparanas sa mga isyung panlipunan ang isang paraan na naging epektibo upang mas maituro sa mga mag-aaral ng Kolehiyo ang sinasabing gampanin ng mga babae sa lipunan at kamulatang panlipunan, ngunit malaki rin ang papel ng pagpapaliwanag sa mga mag-aaral na hindi natatapos sa pakikiisa sa mga rally ang pagkilos.

Malaki ang naging kontribusyon ng Sta. Eskolastika sa mga paniniwala ni Mrs. Cura. Pinagtibay ng Institusyon ang mga natutuhan niya sa kanilang tahanan. Lumaki siya sa isang pamilyang ang bawat isa ay may kakayahang magpahayag ng kanilang sarili, at nasanay sa pamilyang pinalaki nang may disiplina kung kaya't bago pa siya pumasok sa Sta. Eskolastika, sanay na siya sa mga pamamalakad ng mga madre. Pinatibay ng Sta. Eskolastika ang paninindigan, pananaw at ang pagiging isang pinuno ni Mrs. Cura na hanggang ngayon ay isinasabuhay niya sa kanyang propesyon.

### **Gng. Yasmin Fides R. Nuguid**

Isang tunay Iskolastikan ang si Gng. Nuguid at isang patunay rito nang amin siyang kapanayamin. Nagsimula ang kanyang edukasyon sa Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila bilang prep hanggang sa ipinagpatuloy niya ito sa mataas na paaralan at nagpasya rin siyang bumalik sa nabanggit na paaralan upang magturo. Ito ang kanyang unang karanasan sa pagtatrabaho at inaasahan din niya na ito rin ang huli. Ipinasok siya ng kanyang mga magulang dahil sa mataas na pamantayan o kalidad ng edukasyon ng institusyon at pinatotohanan niya ito nang maranasan niyang gamitin ang kanyang mga napag-aralan partikular ang mga aklat niya noong siya'y nasa mataas na paaralan nang tumuntong siya sa Kolehiyo.

Nasa baitang isa (1) pa lamang siya nang matanto niyang nais niyang maging guro at ang nagpaalab ng damdaming ito ay noong maging kasapi siya ng tinatawag na Young Mentor's Club kung saan naging Pangulo rin siya na ang tungkulin ay maging kaagapay ng guro sa pagdidisiplina at pagtuturo. Ninais niyang bumalik sa kanyang alma mater sapagkat nais niyang ibalik ang mga ginawang kabutihan o ang mga naibigay sa kanya ng paaralan tulad ng mga karununganang kanyang natamo upang mahubog ang mga katulad niyang Iskolastikan.

Noong umalis na siya sa poder ng Sta. Eskolastika upang magkolehiyo at magkaroon ng bagong kapaligiran, ibinahagi pa niya ang kanyang karanasan hinggil sa paglahok sa ilang mga isyung panlipunan sa paraan ng pagpaparinig ng kanyang tinig ukol sa mga maiinit na usapin, isang halimbawa rito ang panahon ng pagpapababa kay dating Pangulong Joseph "Erap" Estrada. Sinabi niya na muling bumalik sa dugong

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



nananalaytay sa kanya ang pagiging Iskolastikan o ang turo ng Kolehiyo na kapag may mali ay nararapat lamang na gumawa ng paraan o ay magagawang paraan para sa pagsasaayos ng lipunan na isang halimbawa rito ang pagsulat ng petisyon na muling buksan ang rehistrasyon para makaboto ang mga kabataan. Binigyang patunay niya na ang Iskolastikan ay Iskolastikan saanman at kailanman at muling mabubuhay ang mga simulain sa kanyang puso na mayroong dapat gawin sa mga bagay na hindi naaayon at hindi ito basta-basta mawawala. Iminulat siya ng Sta. Eskolastika na maging isang mabuting mag-aaral hindi lamang para sa kanayang sarili kundi para sa nakararami o sa lipunan. Ito ay itinuturing niyang responsibilidad sa bayan na nararapat na magamit sa kinabukasan na isang pinakamainam na paglalarawan ng Benediktinang Edukasyon.

Ang mga mithiin ng Sta. Eskolastika na naibabahagi niya sa kanyang mga naging mag-aaral, empleyado, at maging sa mga administrador ay hindi natatapos sa pananatili sa institusyon. Saan ka man magtungo, ito'y maaaring muling mabuhay at mag-alab sa mga panahon ng pangangailangan. Ang pagbibigay ng donasyon at pakikilahok sa mga adbokasiya nito ay isang paraan ng pagsuporta sa mga gawain ng kolehiyo na inaasahang kikilos sa mga oras ng kagipitan at hindi lamang basta mananahimik kundi titindig at gagawa ng hakbang upang tumulong sa mga nangangailangan para sa ikaaayos ng lipunan.

Iminumulat ang mga babaeng mag-aaral sa mga isyung panlipunan upang maging Tagapagtaguyod ng Panlipunang Pagbabago sapagkat nararapat na pantay ang pagtingin sa mga kakabaihan at kalalakihan lalo na sa pagtatamo ng magandang kalidad ng edukasyon. May magagawang pagbabago ang mga babae na isang patunay rito ay si Cory Aquino na tinaguriang unang babaeng Pangulo ng bansa na sa paniniwala ni Gng. Nuguid ay nakaya niyang baguhin ang Pilipinas kahit na hindi siya politiko. Mahalaga na maunawaan ng babae na mayroon silang mahalagang gampanin sa lipunan maliban sa pagiging maybahay lamang. Kailangang matutuhan nila ang mga nabanggit upang maalis sa kanilang isipan ang pangmamaliit sa kanilang mga kahanay at kaya nilang maging pinuno sa kanilang sariling kaalaman, kasanayan, at kakayahan na may haplos ng isang ina.

Masasabing ang isang mag-aaral na nakapagtapos ng Sta. Eskolastika ay may katangian na kapansin-pansin kung ihahambing sa ibang mga kababaihang mag-aaral pagdating sa larangan ng pakikipag-komunikasyon at pagbabahagi ng kanyang mga saloobin hinggil sa mga usapin. Bagaman may ganitong katangian, sinabi ni Gng. Nuguid na kung minsang maaaring maging padalos-dalos ang Iskolastikan sa kanyang mga pagpapasya ngunit ito'y may pagsasaalang-alang na di lamang ang mga paaralan ang humubog sa kanila kundi may ambag din dito ang kultura kung paano sila pinalaki ng kanilang mga magulang.

Upang maging awtentiko ang pagpapamulat sa mga mag-aaral bilang tagapagtaguyod ng panlipunang pagbabago pinararanas sa kanila ang proseso ng interaksyon sa pamamagitan ng tinatawag na REC o *Religion Extension Class*. Dito, binibigyan sila ng pagkakataon na alamin ang iba't ibang kalagayan ng kanilang kapwa sa lipunan at hindi lamang basta-basta magbibigay ng limos o tulong kundi may pag-unawa

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



sa pinagdadaan ng mga indibidwal na kanilang nakasasalamuha upang kanilang matanto ang pinagdadaanang buhay ng iba't ibang tao buhat o mula sa iba't ibang lakbayin ng buhay. Dahil sa mga gawaing ito na pumapaksa sa pagtingin sa mga tunay na hamon ng buhay, maituturing na kayang umagapay sa kung sino man ang kanilang kaharap o sa paglalarawan ni Gng. Nuguid, ang mga Iskolastikan ay "*maskipaps*" o maski papaano. Tumutugon ito na ano man ang estado ng buhay ng kanilang nakasasalamuha ay kaya nilang pakibagayan o pakisamahan.

Maliban sa mga nabanggit na pagpaparanas sa mga mag-aaral ng tunay at mainit na pangyayari sa lipunan, isa pa sa mga di malilimutang karanasan ng aming kinapanayam ang pagdaraos ng tinatawag na NatSit o "*National Situation*" kung saan nag-iimbita ng iba't ibang mga tagapagsalita o maging ang mismong mga tinatawag na "*whistle blower*" sa ilang mga kaso tulad nina Jun Lozada sa ZTE NBN Deal, mga saksi sa kaso ni Janet Napoles na tinaguriang "*Pork Barrel Queen*" upang ihayag ang mukha ng mga isyung ito sa perspektibo ng mga saksi sa mismong pangyayari nang sa gayo'y maibigay ang dalawang mukha ng isang isyu.

Sa paningin ng isang Iskolastikan, ang babae'y may magagawa sa lipunan saan man siya nangaling basta't mayroon siyang sapat na kaalaman sa landas na kanyang tatahakin. Sa ganitong paraan, maituturing ang babae na hindi lamang sumasabay sa daloy ng mga pangyayari sa halip ay gumagawa ng mga paraan upang makita ang kanyang magagawa para makatulong sa minimithing pagbabago at hindi lamang manahimik at maghintay ng kung ano man ang mangyayari. Siya'y makikiisa at mangunguna para sa paggawa ng paraan upang makahanap ng solusyon sa isang suliraning nakaaapekto sa kanya at sa kanyang kapwa. Maituturing ang babae bilang malakas na indibidwal sa perspektibo ng isang Iskolastikan sa loob ng institustyon at pinaniniwalaan niyang ang babae ay kapantay ng lalaki sa Pilipinas sapagkat mayroon siyang sapat na kakayahan upang mamuno. Dagdag pa niya, mahirap tanggalin sa isipan ng nakararami ang konsepto ng patriyarkal na lipunan sapagkat malalim ang pinag-ugatan nito tulad ng pag-iisip o tunggalian sa isipan ng dalawang kasarian na mas malakas ang isa kaysa sa isa. Marami pa ang dapat gawin ng Sta. Eskolastika upang patuloy na mapalakas ang hanay ng mga kababaihan sa aspekto ng pagtatamo ng paggalang, pagmamahal at pagkakapantay-pantay.

Sinabi ni Gng. Nuguid na malaki ang nagawa ng kolehiyo sa kanyang mga paninindigan sapagkat hinubog siya nito upang maging matapang at manindigan sa kanyang mga pinaniniwalaan. Natutuhan niya na kailangan siyang kumilos sapagkat mayroon siyang tungkulin sa bayan na magdulot ng pagbabago na sa palagay niya'y isang paraan ng pagpapabuti sa kanyang kalagayan at sa kanyang kapwa. Kabilang sa kanilang oryentasyon ang pagkakaroon ng kaalaman sa mga pangyayari sa pamamagitan ng pananaliksik at pakikialam sa mga pangyayari upang tumindig at marinig ang tinig na simbolo ng paninindigan ng isang mag-aaral mula sa Sta. Eskolastika.



### **Gng. Mary Daisy U. Espina**

Tulad ng aming kinapanayam na mga karaniwang tao na nagtapos sa Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila na bumalik at naglingkod bilang guro at naging o magpahanggang sa kasalukuyan ay administrador na sina Gng. Cura at Gng Nuguid, si Gng. Espina ay masasabi ring taal na Iskolastikan sa pagsisimula ng kanyang edukasyon sa nabanggit na intitusyon simula Prep hanggang Mataas na Paaralan. Minabuti niyang bumalik upang maging guro dahil sa kalidad ng edukasyon sa aspektong pulitikal, panlipunan, pansarili, at panrelihiyon na nahuhulma ng institusyon sa kanilang mga mag-aaral at empleyado na isang malaking ambag sa pagkatao na miyembro ng Benediktinang pamilya. Binanggit pa niya ang konsepto ng “paglubog” sa mga mag-aaral na partikular niyang naranasan na isang mabisang paraan ng pag-alam ng kalagayan ng iba upang magkaroon ng higit na mulat na pag-iisip at puso para sa pangangailangan ng kapwa.

Ang Benediktinang Edukasyon ay inilarawan ni Gng. Espina bilang pagdama sa karanasan ng kanyang kapwa at malaman kung paano tutugunan ang mga ito at ano ang kanyang maibabahagi para mapaunlad ang sariling kalagayan at kalagayan ng kanyang kapwa. Inilalagay niya ang kanyang sarili sa sitwasyon ng mga indibidwal na dumaraan sa suliranin o mga paghihikahos upang kanyang maisip ang nararapat na gawin bilang isang taong may malasakit at tungkulin sa bayan at kapwa.

Pinamumulat ng institusyon ang mga babaeng mag-aaral upang maging Tagapagtaguyod ng Panlipunang Pagbabago sapagkat higit na marami ang babae kung pag-uusapan ang bilang at babae ang humuhulma sa tahanan. Isama pa rito na sa ganitong uri ng edukasyon ay ipinakikita at ipinadarama sa atin na nararapat na matuto tayong makisama o makipamuhay. Makikita o malalaman ng madla na ang isang mag-aaral ay isang Iskolastikan sa paraan ng kanyang pakikipagtalastasan sa sino mang tao sa anumang estado ng pamumuhay na kanyang kinabibilangan. Ilubog siya sa sitwasyong masalimuot, alam niya kung paano siya tutugon sa pangyayaring kanyang kinabibilangan.

Iminumulat ng paaralan ang mga mag-aaral na nasa ilalim ng kanilang paghubog at pangangalaga sa paraan ng ilang mga pagpupulong upang magkaroon ng konsesus o iisang pananaw at iisang tindig ng buong institusyon para sa mga maiinit at kontrobersyal na isyung panlipunan na isang halimbawa sa kasalukuyan ay ang mga nababalitaang “*extra judicial killings*” bilang pagtugon sa problema ng lipunan na bahagi ng pagpapamulat tungkol sa batas at pagpapahalaga sa buhay. Isa pang paraan ng pananatiling mulat ay ang pagpapahalaga sa kasaysayan sa pamamagitan ng pagsusuri at paglalapat ng mga kaparehong pangyayari nito sa kasalukuyan at bubuo ng mga mungkahing solusyon kabilang pa rito ang binanggit na pakikilahok o pagsali sa mga “*noise barrage*” na isang uri ng pag-aaklas o “*rally*” bilang pagpaparinig ng damdamin o tinig ukol sa pinaniniwalaang tindig sa mga napapanahong isyung panlipunan.

Sa mga adbokasiya ng Sta. Eskolastika upang ipakita ang tunay na kalagayan ng tao sa lipunan o sa labas ng institusyon, nagkaroon umano ng gawian kung saan magtutungo ang mga mag-aaral sa Pasay City Jail upang mag-observerba, makisalamuha, at makipagkwentuhan sa mga bilango o preso sa kulungan. Mula rito’y napagtanto ng kinapanayam na maraming iba’t ibang klase ng tao mula sa iba’t ibang lakbayin ng buhay

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



na hindi gaanong nabibigyan ng sapat na edukasyon o walang sapat na kaalaman hinggil sa pamumuhay nang tama upang hindi gumawa ng masama at maging masama para sa iba. Ang pagtutungo nila roon ay nagbigay ng malaking ambag sa damdamin ng mga taong pinarurusahan na mayroon pa ring mga taong kayang magmalasakit sa kanila sa kabila ng naidulot nilang kasamaan sa mga inosenteng indibidwal. Hindi rin malilimutan ni Gng. Espina ang pangyayari kung saan inimitahan ang saksing si Jun Lozada ng ZTE NBN Deal upang magpahayag ng kanyang damdamin at ipaliwanag ang proseso ng korapsyong nagaganap sa kanyang panahon. Isama pa rito ang forum na nakatuon kay Janet Napoles na sangkot sa *“Pork Barrel Scam”* kung saan inanyayahan ng institusyon ang mga saksi sa gawaing ito at nagkaroon ng lektur sa mga empleyado ng nabanggit na institusyon upang maging maingat sa pagpapasya ng mga ibobotong pinuno ng ating bayan. Nilahukan ni Gng. Espina ang mga pangyayari o adbokasiyang ito sa dahilang bahagi ito ng kurikulum ng asignaturang Araling Panlipunan upang mapagtanto ng mga mag-aaral, guro, pati na rin ng mga empleyado na bilang mamamayan ay nararapat na may kaalaman tayo sa kung ano mang sistema ang umiiral sa ating lipunang ginagalawan nang sa gayo’y makabuo tayo ng sarili nating paninindigan ukol dito at maibahagi ang kaalamang ating nakuha o naobserbahan sa ating mga mag-aaral at maimpluwensyahan sila na bumuo rin ng kanilang sariling paniniwala.

Tinitingnan ng babaeng Iskolastikan ang kanyang kapwa babae na may kakayahang magpahayag ng kanyang damdamin at maimpluwensyahan ang sino man na gumawa nang tama. Isa pang mahalagang bagay ang paggalang sa opinyon ng iba magkaiba man kayo ng pinaniniwalaan na isang mainam na bahagi ng edukasyong Benediktina. Sa paglabas ng institusyon, ayon kay Gng. Espina, higit na malakas ang hanay ng mga kababaihan sa lipunan sapagkat maraming babae na bukod sa paggampan nila sa tungkulin sa tahanan, may karapatan na rin silang pumili ng korporasyon at trabahong kanilang nais na kabilangan. Naniniwala rin si Gng. Espina na hindi na maaaring kayan-kayanin ang kababaihan dahil tulad na lamang sa larangan ng pulitika, lumalabas ang mga babaeng nagiging pangunahing saksi o *“star witness”* na nagbubunyag ng mga katiwaliang nagaganap partikular sa administrasyon ni Pangulong Joseph *“Erap”* Estrada at naging susi rito ang matapang na paglabas at pagsisiwalat ng Iskolastikang si Clarissa Ocampo na lalong nagpakita ng imahe ng Iskolastikang matapang at titindig sa mga paniniwalang kanyang sinusuportahan sino man ang kanyang makalaban.

Malaki ang ambag ng kolehiyo sa kanyang paniniwala at mga paninindigan na damhin ang kalagayan o sitwasyon ng tao na nagbubunsod upang maging maingat at hindi padalos-dalos sa paggawa ng mga pagpapasya na nakabatay sa pakikisimpatya, pagmamahal, at pagpapahalaga sa kapwa.


### **Konseptwal na Balangkas**

Ipinakikita ng grapikong pantulong na ito ang mga hakbang na isinagawa ng mga mananaliksik upang maisakatuparan ang pagpapakita ng pagpapaunlad ng kalagayan ng





mga kababaihan sa lipunan batay sa mga paninindigan at adbokasiyang isinusulong ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila. Kinapanayam ng mga mananaliksik ang mga prominenteng indibidwal na bahagi o tagapanguna sa pagsusulong ng mga paninindigan at adbokasiya ng nabanggit na institusyon. Bago maidaos ang pakikipanayam, pumili ang mga mag-aaral ng dalawang teorya at sinuri ang kanilang mga simulain bilang batayan ng mga binuong sampung (10) katanungan.



#### 4. KONGKLUSYON

Batay sa resulta ng isinagawang pakikipanayam sa pagsasakatuparan ng pananaliksik, napag-alaman ang mga sumusunod na hinggil sa papel ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila sa pagpapaunlad ng kalagayan ng mga kababaihan sa pamamagitan ng mga adbokasiyang nakatuon sa mga isyung panlipunan: 1) Itinuturing na mataas ang kalidad ng Benediktinang Edukasyon sapagkat ito ay ginagabayan ng mga turo ni San Benito na nakapaloob sa kurikulum, metodolohiya, at estratehiya ng paglilipat ng kaalaman sa mga mag-aaral sa paraan ng pagmumulat sa kanila sa kalagayan ng tao. Binibigyang paglalarawan ito sa paraan ng pagpaparanas sa lahat ng bahagi ng



komunidad ang ang tunay na pangyayari sa paglabas sa nabanggit na institusyon at binibigyan sila ng kalayaan na bumuo ng kanilang sariling tindig sa mga napapanahong isyung panlipunang nakaaapekto sa kanila at sa bayan sa kabuuan. 2) Iminumulat ang mga kababaihang mag-aaral upang maging Tagapagtaguyod ng Panlipunang Pagbabago o *'Agents of Social Transformation'* sapagkat pinaniniwalaan ng mga madreng Benediktinang namamahala at mga babaeng administrador ng paaralan na may mahalagang gampanin ang hanay ng kanilang kasarian sa paghubog at pagkalinga ng lipunang kanilang ginagalawan. Kinakailangan ang babae bilang tagahulma ng tahanan at tagapagtaguyod ng kapayapaan sa lipunan. Pantay na katayuan ang kanilang isinusulong sapagkat may kaalaman, kasanayan, at kakayahan ang mga babae na maging susi sa pagmumulat ng iba pang mamamayan na isang paraan ng pagsusulong sa adbokasiyang kapayapaan ang pagbabagong panlipunan tungo sa kaayusan. 3) Ipinamulat ng paaralang Sta. Eskolastika ang kahalagahan ng kamulatang panlipunan o *'social awareness'* at katayuan ng kababaihan sa lipunan sa pamamagitan ng paglulubog sa kanila sa sitwasyon ng mga tao sa labas ng institusyon sa paraan ng paglulubog sa kanila sa parehong karanasang dinaranas ng mga indibidwal na ito sa pamamagitan ng pakikisalamuha at pakikipamuhay upang lubos silang magkaroon ng isang makatwirang paniniwala at pananaw hinggil dito sa mga proyektong pampaaralan tulad ng mga *"outreach program"*. Maliban dito'y tinatalakay sa klase ang mga napapanahong isyung panlipunan at inaanyayahan sila sa ilang mga pagtitipon o pagrarily sa paraan ng *"noise barrage"* upoang iparinig ang malakas na tinig ng mga kababaihan at mayroon silang pakialam at tumitindig para sa pagsusulong ng hustisya at karapatang pantao. 4) Tinitingnan ng isang babeng Iskolastikan ang kanyang kapwa babae bilang malakas at *"empowered"* sa paraang kaya nitong makipagsabayan sa mga kalalakihan sa anumang laranagan, may kakayahan sa mabisang pakikipagtalastasan sa pagpapahayag ng pinaniniwalaang damdamin na isinasaalang ang paggalang sa opinyon ng iba, at higit sa lahat, may kaalaman at kakayahan kung paano niya maipagtatanggol ang kanyang sarili mula sa pang-aabuso ng masasamang loob upang ipakita na nararapat ibigay sa kanya ang karapatang paggalang hindi lamang bilang babae kundi bilang isang taong may magagawa at kabilang sa lipunan at bayan. 5) Malaki at mabisa ang mga naging ambag ng kolehiyo sa paniniwala ng mga kinapanayam sa aspekto ng pagkakaroon ng kakayahan sa sarili at responsableng pagpapasya, pagmumulat sa mga karapatang pangkababaihan na kinakailangan nilang matamo, pagbibigay sa kanila ng lakas ng loob na umisip ng paraan para sa ikabubuti ng sarili at ng nakararami, at ang pagpaprinig ng kanilang tinig at pagtindig sa mga hindi naaayong pangyayari sa lipunang kanilang ginagalawan bilang pagpapakita na sila'y mulat at may pakialam sa nagaganap sa kanilang paligid.

## 5. REKOMENDASYON

Batay sa mga napag-alaman sa pag-aaral na ito, iminumungkahi ang mga sumusunod na rekomendasyon: 1) Suriin o sipatin pa ang ilan sa mga adbokasiya ng

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila maliban sa mga naitala; 2) Isangkot pa ang ibang mga administrador at iba pang bahagi ng Benediktinang pamayanan para sa mas malawakang pagsusuri ng papel ng institusyon sa pagpapaunlad ng kalagayan ng mga kababaihan sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga isyung panlipunan; 3) Bumuo ng talaan ng mga isyung panlipunan na pumapatungkol sa adbokasiyang pangkababaihan at panlipunan, ang tindig ng institusyon, at ang epekto nito sa mga kababaihan sa aspektong pulitikal, kultural, at ekonomikal. 4) Bumuo ng mga katanungang maaaring lapatan ng iba pang teorya para sa pagsusuri ng iba pang adbokasiya na nakatuon sa ibang isyu tulad ng usaping pangkalikasan. 5) Gamiting pokus ng pananaliksik ang Kolehiyo ng Sta. Eskolastika sa pagbuo pa ng mga bagong pag-aaral na lalong makapagpapakita ng paninindigan at pinaniniwalaan nito bilang institusyong itinayo sa layunin na makapaglingkod sa Panginoon.

## 6. PASASALAMAT

Ang pagbuo ng pananaliksik na ito ay isang pangunahing tagumpay, at isang pagsubok na nagbigay dangal sa aming mga mananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay hindi magiging mabunga at magiging buo kung hindi dahil sa pagmamahal, suporta at pag-alalay sa iba't ibang paraan ng mga mahahalagang tao.

Ang mga mananaliksik ay nais na magbigay ng espesyal na pasasalamat sa mga sumusunod:

- Unang-una, kay **Dr. Rowell Madula**, ang aming mapagmahal na propesor at tagapayo, sa kanyang walang sawang pagbibigay ng konsiderasyon at patuloy na pagpapaalala sa mga gawaing aming dapat na matapos sa kursong Wikang Filipino at Sekswalidad,
- Sa aming **mga Magulang**, sa pagbibigay sa amin ng regalo ng buhay, pagmamahal at pag-asa, sa kanilang walang sawang paggabay at pagbibigay sa amin ng tulong pinansyal. Sa kanilang di natatapos na kabaitan sa pagbibigay suhestyon para sa ikagaganda ng aming pananaliksik at kanilang panalangin.
- Sa **mga administrador at produkto ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila**, na sina **Gng. Malou N. Cura, Gng. Daisy Espina, Gng. Yasmin Fides Nuguid, Dr. Virginia R. Fornias, Sr. Regina David, OSB, Sr. Mary Frances Dizon, OSB, at Mo. Mary John Mananzan, OSB**, sa kanilang pagpapaunlak sa amin na sila'y makapanayam upang matalunton ang ambag ng nabanggit na kolehiyo sa kanilang buhay bilang isang responsableng mamamayan ng bayan,
- At higit sa lahat, sa mapagmahal na **PANGINOONG DIYOS**, para sa Kanyang biyaya, grasya, at sa Kanyang walang sawang paggabay na ibinibigay.

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



## 7. MGA SANGGUNIAN

Araja, R. & Cruz, M. (2014, February 16). 100 Days of Nightmare. *Manila Standard Times*, pp. A1,A2.

Cruz, N., Sicam, P., Bolasco, K., & Doyo, M. (2006). *Daughters True- 100 Years of Scholastican Education- 1906-2006*. Leon Guinto Street, Malate, Manila-St. Scholastica's College

Dela Paz, K., Park, N., & Fernandez, S. (June-October 2015). SSC makes #StopLumadKillings trending. *The Blue Flame- Mark a Mark. Leave a Legacy*. p.1 & p. 3

Felix, M. (2001). *Footprints of a Pilgrim People- The Socio-Pastoral Apostolates of the Missionary Benedictine Sisters in the Philippines*. Leon Guinto Street, Malate, Manila-St. Scholastica's Priory

Kesselman, A., McNair, L., Schniedewind, N. (2003). *WOMEN images and realities- A multicultural Anthology Third Edition*. New York: The McGraw-Hill Companies, Inc.

Lichauco, J. (2006, December 18). A mission against injustice and corruption. *Philippine Star*. p. H3

Stearman, K. (2004). *Ideas of the Modern World- Feminism*. Chicago, Illinois: Raintree, a division of Reed Elsevier, Inc.

Uy, J., Aurelio, J., & Agoncillo. J. (2015). *Probe sought into 'lumad' killings*. Retrieved from <http://newsinfo.inquirer.net/720081/probe-sought-into-lumad-killings>

Ygrubay, Sr. Adelaida, OSB (n.d). A Statement of Grave Concern. *Missionary Benedictine Sisters*. St. Scholastica's Priory

Wharton, A. (2012). *The Sociology of Gender- An introduction to Theory and Research*. UK. Blackwell Publishing Ltd.

(2014). *Student-Parent Handbook*. St. Scholastica's College-Manila

n.a. (2016). *One Billion Rising*. Retrieved from <http://www.mysin Chew/node/113097>

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



- n.a. (2014). Filipino students: Free kidnapped Nigerian girls. Retrieved from <http://www.dailymail.co.uk/wires/ap/article-2671822/Filipino-students-free-kidnappedNigerian-girls.html#izz367HXhnzS>
- n.a. (2014). Filipino students: Free kidnapped Nigerian girls. Retrieved from <http://globalnation.inquirer.net/107242/filipino-students-free-kidnapped-nigerian-girls#izz367C5auAU>
- n.a. (2014). PH students join to release Nigerian girls. Retrieved from ABS-CBNnews.com
- n.a. (2010, March 15). What I've learned – The most important lessons are from women. *Philippine Daily Inquirer*. p. J1, J3
- n.a. (2005, December 2). St. Scholastica's College, Manila- excellence as our Benedictine Service to the Community. *Manila Bulletin*, pp. F1, F2
- n.a. (2005).St. Scholastica's College- 100 years of Scholastic Education. *School Guide Magazine*.na
- n.a. (2004, February 17). Mananzan is new Benedictine Prioress. *Manila Standard Times*, p. 2
- n.a. (2000, March 24). St. Scho joins indignant protests. *Philippine Daily Inquirer*. p. 11
- n.a. (1990, August 19). Feminist assumes St. Scholastica's College presidency. *Philippine Star*. p. 5
- n.a. (n.d). Retrieved from <http://www.enotes.com/homework-help/what-sociology-perspective-324286>
- Cura, M., (2016, August 5). Personal Interview.
- Espina, D., (2016, August 2). Personal Interview.
- David, R., (2016, August 11). Personal Interview.
- Dizon, M., (2016, August 8). Personal Interview.
- Fornias, V.,(2016, August 11). Personal Interview.

## Arts and Culture: Heritage, Practices and Futures

Presented at the 10th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 16, 2017



Mananzan, M., (2016, August 5). Personal Interview.

Nuguid, Y., (2016, August 4). Personal Interview.